

Akses sa Wika sa mga Serbisyong Iniutos ng Hukuman

Mga Litigante sa Hukuman na Limitado ang Kasanayan sa Ingles



Bilang bahagi ng iyong kaso sa hukuman, maaaring iutos sa iyo ng hukom na lumahok sa programa o serbisyo sa labas ng hukuman. Ang ilan sa halimbawa ng mga programang ito ay ang: pagpapayo, mga programa ng pamamagitan para sa nagmamaltrato, mga klase sa kasanayan sa pagiging magulang, at paggamot sa pag-abuso sa ipinagbabawal na gamot. Ang resulta ng iyong kaso ay maaaring nakadepende sa iyong kakayahang sumunod sa mga tagubilin ng hukom at paglahok sa isa sa mga klase o serbisyo ng ito.

Kung hindi ka mahusay na nakakapagsalita sa Ingles, at iniutos sa iyo ng hukom na lumahok sa programa sa labas ng hukuman, narito ang ilang bagay na maaari mong gawin:

Magsalita sa Hukuman

Kung iutos sa iyo ng hukom na lumahok sa isang programa habang nasa hukuman ka, maaari mong itanong sa hukom kung mayroong programa na nasa iyong wika. Maaari mo itong itanong sa pamamagitan ng iyong abogado o tagapagsalin.

Humingi ng Tulong

Ang bawat hukuman ay may Kinatawan ng Akses sa Wika na maaaring makatulong sa iyo na maghanap ng programa na nag-aalok ng mga serbisyo sa iyong wika o nagbibigay ng serbisyo ng mga tagapagsalin. Sa iyong hukuman o sa website ng iyong lokal na hukuman, hanapin ang simbolong ito para sa tulong sa wika:



Humiling ng Ibang Kautusan

Kung iniutos sa iyong lumahok sa isang programa o serbisyo at hindi mo ito magawa dahil walang available na tulong sa wika, maaari mo itong sabihin sa hukuman at humiling ng ibang kautusan gamit ang porma na LA-400 *Hindi Available ang Serbisyo sa Aking Wika: Kahilingang Baguhin ang Kautusan ng Hukuman*.

[-click para alamin kung paano gamitin ang LA-400 para humiling ng ibang kautusan.](#)

Kailangan ng Tulong sa Iyong Wika?

Kung hindi ka nagsasalita ng Ingles:

Si no habla inglés
如果你不会说英语

영어를 못하면

Nếu bạn không nói tiếng anh

California Courts Self-Help Center

(Centro de ayuda):

<https://www.courts.ca.gov/selfhelp.htm?rdeLocaleAttr=es>

Mga Isinalin na Porma:

[Formularios legales](#)

[法律形式](#)

[법적 형식](#)

[Hình thức pháp lý](#)